**ESTADO NG HAWAII**
KAGAWARAN NG EDUKASYON

# Abiso sa Mga Magulang, Tagapangalaga, at Karapat-dapat na Mga Estudyante: Hiling ng Mga Taga-recruit ng Militar para sa Impormasyon ng Estudyante

Kinakailangan ng Every Student Succeeds Act ng 2015 (ESSA), na ang lahat ng mga lokal na ahensya ng edukasyon, kabilang ang Hawaii Department of Education (DOE), na ibigay sa mga taga-recruit ng militar, kapag hiniling nila, ang pangalan, address, at numero ng telepono ng mga estudyante sa paaralang sekondarya. Bagaman ang mga taga-recruit ng militar ay nakatuon ang mga pagsisikap sa mga juniors at seniors ng mataas na paaralan, pinapayagan ng batas ang pagtitipon ng impormasyong ito mula sa isang malawak na kategorya ng mga estudyanteng "sekondarya". Ang mga estudyante sa paaralang sekondarya ay tinutukoy bilang mga estudyanteng naka-enroll sa panggitna (middle), intermedya (intermediate) at mataas na paaralan. Saklaw din nito ang mga estudyante sa mga baitang 7 hanggang 12 sa kumbinasyong elementarya/sekondaryang mga paaralan (hal., K-7, K-8, K-9, K-11, K-12, 7-12).

Kung ang sinumang karapat-dapat na estudyante (18 taong gulang) o ang magulang/tagapangalaga ng isang sekondaryang estudyante ay hindi nais na ang DOE ay magbigay ng hiniling na impormasyon sa mga taga-recruit ng militar, ang karapat-dapat na estudyante o ang magulang/tagapangalaga ay kailangang mag "opt out" sa pagbibigay ng naturang impormasyon. Upang magawa ito, ang isang mababasa, nilagdaang nakasulat na kahilingan ay kailangang isumite sa tanggapan ng paaralan ng karapat-dapat na estudyante o magulang/ligal na tagapangalaga. Ang kahilingan ay dapat naglalaman ng pangalan ng paaralan at ang pangalan at petsa ng kapanganakan ng estudyante. Ang DOE ay nakagawa ng isang "opt out" na form para sa pag-recruit ng militar upang mapabilis ang naturang kahilingan mula sa mga karapat-dapat na mga estudyante o mga magulang/mga tagapangalaga ng mga estudyante. Ang form ay maaaring ma-download mula sa web page ng DOE sa

Ang mga kahilingang pag “opt out” ay tatanggapin anumang oras sa panahon ng taon ng paaralan (school year). Ang mga magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na mga estudyante ay dapat mag-file ng isang hiling na mag "opt out" sa loob ng 10 na araw ng trabaho matapos ang enrollment. Kung ang isang kahilingan ay isinumite matapos maibigay ang impormasyon ng estudyante sa Inter-Service Recruitment Council (IRC) ng militar, ang kahilingan para sa pag "opt out" ay ilalapat sa mga impormasyon sa hinaharap na isusumite ng DOE sa IRC. Kung ang isang magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na estudyante ay hindi nag-file ng isang kahilingang mag "opt out", ang impormasyon ng estudyante ay maaaring ilabas sa lawak na ang mga batas, mga regulasyon, o mga patakaran ay nagpapahintulot sa mga naturang pagsisiwalat nang walang pahintulot.

Ang paaralan ay magtatago ng kopya ng iyong kahilingan. Kung ang isang pag "opt out" para sa mga taga-recruit ng militar ay nai-file sa paaralan sa nakaraang mga taon ng paaralan, ang kahilingan ay kikilalanin hanggang sa pag-alis ng estudyante sa sistemang pampublikong paaralan ng Hawaii o hanggang bawiin ng nagsumite ang kahilingang pag "opt out".

RS 26-0617, January 2026